



## Abiso sa mga karapatan sa ilalim ng FERPA

Alinsunod sa Batas sa Mga Karapatan at Pagkapribado sa Edukasyon ng Pamilya (Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA)), maaaring ilabas ng Central Kitsap School District ang sumusunod na impormasyon ng mag-aaral maliban kung nakasulat na hihilingin ng tagapangalaga ng mag-aaral na hindi dapat ilabas ang ganoong impormasyon:

- ▶ Pangalan ng mag-aaral, tirahan, at numero ng telepono
- ▶ Paglahok sa mga opisyal na kinikilalang aktibidad at pampalakasan
- ▶ Mga petsa ng pag-enroll, pag-withdraw, at/o pagtatapo
- ▶ Mga diploma at gantimpala na natanggap
- ▶ Pangunahing larangan ng pag-aaral
- ▶ Kasalukuyan at pinakahuling nakaraang ahensiya o institusyon sa edukasyon na dinaluhan ng mag-aaral
- ▶ Mga litrato, videotape, at iba pang mga larawan kung saan makikita ang mag-aaral

Maaaring ilabas ang impormasyong ito sa sinuman, kabilang ang media, mga kolehiyo at unibersidad, ang militar, mga grupo ng kabataan, at mga tagapaggawad ng scholarship.

Kung nais mong limitahan ang paglabas ng ganoong impormasyon, mangyaring humiling at sagutan ang **"Form 8"** mula sa paaralan ng iyong anak. Maaari mong itanggi ang impormasyong ito sa mga tagapag-recruit sa militar habang pinapahintulutan itong mapunta sa iba. May bisa ang mga form para sa isang taon lamang. Dapat sumagot ng bagong form bawat taon para maipagpatuloy ang pagliling.

Nagkakaloob din ang FERPA sa mga magulang at mag-aaral na may edad na higit sa 18 taon ("mga kwalipikadong mag-aaral") ng mga partikular na karapatan hinggil sa mga rekord sa edukasyon ng mag-aaral. Ang mga karapatang ito ay:

Ang karapatan na siyasatin at suriin ang mga rekord sa edukasyon ng mag-aaral sa loob ng 45 araw mula sa araw na natanggap ng paaralan ang kahilingan para sa access. Dapat magsumite ang mga magulang o kwalipikadong mag-aaral sa punong-guro ng paaralan ng nakasulat na kahilingan na tumutukoy sa (mga) rekord na ninanais nilang siyasatin. Gagawa ang punong-guro ng mga pagsasaayos para sa access at aabisuhan nito ang magulang o kwalipikadong mag-aaral tungkol sa oras at lugar kung saan maaaring siyasatin ang mga rekord.

Ang karapatan na humiling ng pagbabago sa mga rekord sa edukasyon ng mag-aaral kung naniniwala ang magulang o kwalipikadong mag-aaral na ang mga ito ay hindi tumpak, nakakalinlang, o kaya'y paglabag sa mga karapatan sa pagkapribado ng mag-aaral. Upang baguhin ang isang rekord, dapat sumulat ang magulang o kwalipikadong mag-aaral sa punong-guro ng paaralan. Dapat malinaw na tukuyin ng sulat ang bahagi ng rekord na babaguhin at sabihin kung bakit ito dapat baguhin. Kung magdedesiyon ang paaralan na hindi baguhin ang rekord, aabisuhan ng paaralan ang magulang o kwalipikadong mag-aaral tungkol sa desisyon at aabisuhan siya tungkol sa karapatan sa isang pagdinig. Magbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pamamaraan ng pagdinig sa magulang o kwalipikadong mag-aaral kapag inabisuhan sila tungkol sa karapatan sa isang pagdinig.

Ang karapatan na magbigay ng pahintulot sa mga paghahayag ng mga impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan na nakalagay sa mga rekord sa edukasyon ng mag-aaral, maliban sa mga pagkakataong inaawtorisahan ng FERPA ang paghahayag nang walang pahintulot. Ang isang pagbubukod, na pinapayagan ang paghahayag nang walang pahintulot, ay ang paghahayag sa mga opisyal ng paaralan

*Ang Central Kitsap School District ay sumusunod sa lahat ng naangkop na mga panuntunan at regulasyon ng pederal at estado at hindi pinipigilan batay sa lahi ng kasarian, kredo, relihiyon, kulay, pambansang pinagmulan, edad, marangal na pinalabas na beterano o katayuan sa militar, seksual na oryentasyon bilang ang pagpapahayag o pagkakakilanlan ng kasarian, ang pagkakaroon ng anumang pandama, mental o pisikal na kapansanan, o ang paggamit ng isang sanay na gabay sa aso o hayop ng serbisyo ng isang taong may kapansanan sa mga programa at aktibidad nito, o mga bagay na may kaugnayan sa pagtatrabaho at nagbibigay ng pantay na pag-access sa Boy Scout at iba pang mga itinalagang pangkat ng kabataan. Ang mga sumusunod na empleyado at itinatagala upang humawak ng mga katanungan at reklamo ng di-umano'y diskriminasyon sa pagsulat o sa telepono: Assistant Superintendent sa Human Resources, Distrito ng karapatan sibill pamagat ng IX na tagapamahala ng pagsunod sa IX, Jeanne Beckon (360) 662-1680; Executive Director ng espesyal na mga serbisyo, seksyon 504 coordinator para sa 28A540 at 28A642 RCw, Julie Mckean, (360) 662-1066*

*Ang Central Kitsap School District ay gagawa din ng mga hakbang upang matiyak na ang mga pambansang nagmula sa kakulangan ng mga kasanayan sa wikang Ingles ay makakaya ay pwedeng makilahok sa lahat ng mga pag-unlad, serbisyo at aktibidad sa edukasyon. Para sa impormasyon tungkol sa interpretasyon at pag sasalin ng mga serbisyo o mga programa pang-edukasyon sa pang-wika, pakikipag-ugnayan sa mg serbisyo sa estudyante sa pag sulat o pamamagitan ng telepono: 1400 NE McWilliams Road, Bremerton, WA 98311, (360) 662-1734.*

na may mga lehitimong pang-edukasyong interes. Ang isang opisyal ng paaralan ay isang taong empleyado ng paaralan bilang isang administrador, superbisor, tagapagturo, o miyembro ng tauhan sa suporta (kabilang ang pangkalusugan o medikal na tauhan at tauhan sa yunit ng pagpapatupad ng batas); taong nagsisilbi sa lupon ng paaralan; tao o kompanya na kinontrata ng paaralan para magsagawa ng espesyal na tungkulin (tulad ng isang abogado, auditor, medikal na kasangguni o therapist); o magulang o mag-aaral na nagsisilbi sa isang opisyal na komite, tulad ng komite sa pagdidisiplina o karaingan, o tumutulong sa isa pang opisyal ng paaralan sa pagsasagawa ng kanyang mga tungkulin. Ang isang opisyal ng paaralan ay may lehitimong pang-edukasyong interes kung kinakailangan ng opisyal na suriin ang isang rekord sa edukasyon upang tuparin ang kanyang propesyonal na responsibilidad. Kapag hiniling, ihahayag ng paaralan nang walang pahintulot ang mga rekord sa edukasyon sa mga opisyal ng isa pang distrito ng paaralan kung saan hinahangad o ninanais ng mag-aaral na mag-enroll.

Ang karapatan na maghain ng reklamo sa Departamento ng Edukasyon ng Estados Unidos (U.S. Department of Education) hinggil sa mga hinihinalang hindi pagsunod ng paaralan sa mga inaatas ng FERPA. Ang pangalan at address ng tanggapan na nagpapatupad ng FERPA ay:

Family Policy Compliance Office  
U.S. Department of Education  
400 Maryland Avenue SW  
Washington, DC 20202-4605

## Abiso sa ilalim ng PPRA

Inaatas ng Pagwawasto sa Proteksyon ng Mga Karapatan ng Mag-aaral (Protection of Pupil Rights Amendment (PPRA)) (20 Kodigo ng Estados Unidos (U.S. Code (U.S.C.)) § 1232h; 34 Kodigo ng Mga Federal na Regulasyon (Code of Federal Regulations (CFR)) Bahagi 98), sa CKSD na abisuhan ka at makakuha ng pahintulot o pahintulutan kang hindi isali ang iyong anak sa paglahok sa survey sa mag-aaral, pagsusuri, o pagtatasa na may kinalaman sa alinman sa sumusunod:

1. Mga politikal na kinaaaniban o paniniwala;
2. Mga mental at sikolohikal na problema;
3. Seksuwal na pag-uugali at saloobin;
4. Ilegal, laban sa kapwa, mapang-insulto sa sarili at mapanghamak na pag-uugali;
5. Kritikal na pagtingin sa ibang mga indibidwal na may mga malapit na pampamilyang ugnayan ang mga respondent;
6. Pribilehiyado o magkatulad na ugnayan sa mga abogado, physician, doktor o ministro;
7. Mga gawi, kinaaaniban, o paniniwalang panrelihiyon;
8. Kita, bukod sa inaatas ng batas para matukoy ang kwalipikasyon.

Nailalapat din ang inaatas na ito sa pagkolekta ng impormasyon ng mag-aaral para sa mga layunin ng marketing, at ilang mga di-pang-emergency at invasive na pag-eksamen at screening.

Aabisuhan ng CKSD ang mga magulang bago ang pagpapatupad ng anumang ganoong survey o aktibidad at magbibigay ito ng oportunidad para suriin ang survey at hindi isali ang kanilang anak. Ang mga magulang na naniniwala na nalabag ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng PPRA ay maaaring maghain ng reklamo sa:

Family Policy Compliance Office  
U.S. Department of Education  
400 Maryland Avenue, SW  
Washington, D.C. 20202-5920

## Pinagsamang Pamamahala sa Peste

Upang magbigay ng ligtas at malusog na kapaligiran, nagpatibay ang CKSD ng isang Pinagsamang Pamamahala sa Peste (Integrated Pest Management (IPM)) na programa para sa pamamahala ng mga hindi nais na halaman at peste. Ang programa ay isang ekolohikal na pamamaraan ng pagsugpo sa mga populasyon ng peste (mga damong ligaw, insekto, sakit) kung saan isinasalang-alang ang mga alternatibong pangkontrol sa peste, at ipinapatupad bago gamitin ang mga kemikal na pangkontrol, kung saan maaari.

Pamamahalaan ng CKSD ang hindi nais na halaman at iba pang mga peste gamit ang isang ekolohikal na pamamaraan na binabawasan ang mga panganib ng paggamit ng mga pestisidyo sa kalusugan ng tao at sa kapaligiran. Magsasagawa ang distrito ng regular na pagsusubaybay sa mga lugar at pasilidad upang matukoy kung kailangan ang mga paggamot at gagamit ng mga pisikal, biyolohikal, kemikal, at pang-edukasyong paraan upang pigilin ang hindi katanggap-tanggap na pagkasira at pagkayamot sa hindi nais na halaman o mga peste. Kung tinukoy na ang paggamit ng isang pestisidyo ang pinakamabisa, matipid, at ligtas sa kapaligiran na pamamaraan, isasapanahon ang paglalapat nito upang mabawasan ang mga negatibong epekto sa kalusugan ng tao at mga kapaki-pakinabang na organismo.

Upang abisuhan ang mga mag-aaral, tauhan, magulang, at gumagamit ng mga ari-arian ng paaralan tungkol sa planong paglalagay ng pestisidyo, magpapaskil ng mga karatula sa loob ng hindi bababa sa 48 oras bago ang paglalagay maliban kung kinakailangan ang agarang aksiyon. Kung hindi maibibigay ang paunang abiso, magpapaskil ng mga karatula sa pangunahing pasukan ng bawat paaralan at ang lokasyon ng paglalagay at ililista ang pangalan ng pestisidyo; ang petsa at oras ng pinaplanong paglalagay; ang bahaging gagamutin; at ang pangalan at numero ng telepono ng kontak na indibidwal. Hindi magpapadala ng abiso kapag hindi inookupa ng mga mag-aaral ang pasilidad sa loob ng dalawang magkakasunod na araw matapos ang paglalagay alinsunod sa RCW 17.21.415.

Bukod rito, magbibigay ang distrito ng isang Abiso sa Paglalagay ng Pestisidyo (Notice of Pesticide Application) sa lahat ng mga interesadong tao kung pipirma sila sa dokumento ng Kahilingan para sa Abiso sa Pestisidyo (Pesticide Notification Request) na matatagpuan sa pangunahing tanggapan ng bawat paaralan.

Nagsisikap ang Departamento ng Mga Lupain (Grounds Department) na maglagay ng fertilizer o pataba sa mga field at madamong lugar sa mga araw na walang mag-aaral. Iba-iba kada taon ang mga petsa para sa paglalagay ng pataba depende sa kalendaryo ng paaralan at mga kondisyon ng panahon. Sa pangkalahatan, naglalagay ng pataba sa unang bahagi ng Oktubre, gitnang bahagi ng Disyembre, unang bahagi ng Abril, gitnang bahagi ng Hunyo, at gitnang bahagi ng Agosto.

Kung mayroon kang anumang mga tanong o alalahanin, mangyaring tumawag sa 360-662-8260.

## Pagsubaybay sa mga hindi pinapahintulatang pagliban

Inaatas ng batas na subaybayan ng mga paaralan ang mga hindi pinapahintulatang pagliban para sa mga mag-aaral at makipagtulungan sa mga magulang upang bumuo ng isang plano kapag ang isang mag-aaral ay mayroong tatlong hindi pinapahintulatang pagliban sa isang buwan. Kung ang isang mag-aaral ay mayroong pitong hindi pinapahintulatang pagliban sa isang buwan o 15 sa isang taong pampaaralan, maghahain ang distrito ng paaralan ng isang petisyon para sa sibil na pagkilos sa Hukumang Pangkabataan (Juvenile Court).

Ang kahulugan ng isang pinapahintulatang pagliban ay: Mga sintomas ng mental na kalusugan o pisikal na kalusugan; emergency sa pamilya; pagsunod sa gawaing panrelihiyon (kung hiniling ng magulang); mga aktibidad na aprubado ng paaralan; ilang mga aksiyon sa pagdidisiplina o panandaliang pagsuspinde, ayon sa inaatas ng batas; o mga aktibidad na aprubado ng pamilya. Ang isang aktibidad na aprubado ng pamilya ay pinahihintulatan lamang kung may paunang nakasulat na pag-apruba ng punong-guro at wala itong malubha at negatibong epekto sa progreso sa edukasyon ng mag-aaral.

Mangyaring tawagan ang tanggapan ng paaralan sa oras na malaman mong hindi makakadalo ang iyong anak, at mangyaring gawin ang lahat ng iyong makakaya para makapag-iskedyul ng mga appointment sa labas ng mga oras ng paaralan. Kung hindi ka tatawag, susubukin ng iyong paaralan na beripikahin ang pagliban ng iyong anak sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyo. Kung hindi ka makausap, ituturing ang pagliban na hindi pinapahintulatan.

Tingnan ang aming buong patakaran sa pagliban nang online sa: [CKschools.org > Administration \(Pangangasiwa\) > Policies and Procedures](https://www.ckschools.org/administration/pangangasiwa/policies-and-procedures)

(Mga Patakaran at Pamamaraan) (Tingnan ang 3122/3122P).

## Taunang abiso ukol sa asbestos

Sa pagsunod sa Asbestos Hazard Emergency Response Act ng 1988 (AHERA), isang kopya ng Asbestos Management Plan ng CKSD ay magagamit sa pangunahing tanggapan ng bawat paaralan. Ang isang pangunahing kopya ay magagamit sa Grounds, Maintenance, at Custodial Office.

Sa 2021-22 school year, ang patuloy na sampling at asbestos abatement ay isinagawa sa Central Kitsap Schools Silverdale Center at sa Olympic High School bilang paghahanda para sa mga pagsasaayos.

Ang mga inspeksyon sa gusali ng AHERA, na kinakailangang gawin tuwing tatlong taon, ay isinagawa nitong nakaraang bakasyon sa tag-araw (2022). Ang mga plano ng AHERA Management ay ia-update din sa school year 2022-2023. Ang susunod na round ng AHERA building inspections ay isasagawa sa tag-araw ng 2025.

Kabilang sa mga inaasahang proyekto para sa school year 2022-23 ang kinakailangang anim na buwang pana-panahong pagsusubaybay, na isasagawa sa panahon ng taglamig at mga pahinga sa tag-init.

Sa panahon ng 2022-23, ang mga hindi pa na-renovate na seksyon ng Central Kitsap Schools Silverdale Center at ang pool area ng Olympic High School ay maaaring magpatuloy sa pag-sample at pagbabawas habang nagpapatuloy ang mga pagsasaayos. Ang sampling at abatement ay gagawin sa iba't ibang seksyon ng Fairview Middle School habang naghahanda sila sa paggiba at pagsasaayos ng iba't ibang bahagi ng gusali. Ang pagsa-sample ay maaari ding gawin sa gusali ng Jenne-Wright Administration bilang paghahanda sa pagbebenta at paglabas ng gusali.

Ang mga katanungan tungkol sa pagbawas ng asbestos at pagsunod sa AHERA ay maaaring idirekta kay Sidney Winters, Espesyalista sa Kapaligiran, Maintenance Department, 360-662-8299

## Abiso sa Meningitis at HPV

Inaatas ng estado sa mga paaralan na magbigay ng impormasyon tungkol sa meningococcal na sakit at pagpapababa sa panganib na makakuha ng human papillomavirus (HPV) sa mga magulang at tagapangalaga ng mga mag-aaral na pumapasok sa mga baitang 6-12.

Ang meningococcal na sakit ay dulot ng bakterya sa ilong at lalamunan. Ang mga bakteryang ito ay maaaring magsanhi ng meningococcal meningitis at maaaring nakamamatay. Maaaring kabilang sa mga sintomas ang lagnat, panginginaw, pantal, mga sakit ng ulo at paninigas ng leeg. Kumakalat ang sakit sa pamamagitan ng direktang pagdikit sa materyal na may impeksiyon kabilang ang pakikipaghalikan, pag-ubo, pagbahing, o pagbabahagi ng mga kagamitan sa pagkain o pag-inom. Mangyaring makipag-usap sa iyong mga anak tungkol sa mabuting kalinisan ng katawan at hindi pagbabahagi ng mga personal na gamit na maaaring magkalat ng sakit.

Maaaring makatulong ang pagbabakuna laban sa hanggang 83 porsiyento ng mga kaso ng meningococcal na sakit at inirerekomenda ito para sa mga bata na papasok sa gitnang paaralan at mataas na paaralan. Hindi kailangan ang pagpapabakuna para sa pagdalo sa paaralan.

Ang HPV ay isang karaniwang virus na pangunahing kumakalat sa pamamagitan ng seksuwal na pagdikit. Nangyayari ang hanggang sa 75 porsiyento ng mga impeksiyon sa mga tao na may edad na 15 hanggang 24 na taon. Karamihan sa mga tao na may HPV ay walang mga sintomas at hindi alam na naikakalat ito sa iba. Maaaring pigilin ng bakuna sa HPV ang mga impeksiyon mula sa ilan sa mga pinakakaraniwan at malubhang uri ng HPV.

Inirerekomenda ng Tagapayong Komite sa Mga Gawi sa Pagbabakuna (Advisory Committee on Immunization Practices) na magbabakuna laban sa HPV ang lahat ng mga babae na may edad na 11-12 taon. Tatlong dosis ang kinakailangan. Maaaring ialok ng mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang bakuna sa mga lalaki at ibigay ang bakuna kapag hiniling. Ang bakunang ito ay hindi kinakailangan para sa pagdalo sa paaralan.

Tingnan ang aming buong abiso sa HPV/Meningococcal online sa: [CKschools.org > Administration \(Pangangasiwa\) > Official Notices \(Mga Opisyal na Abiso\) > Meningitis and HPV Notice](https://www.ckschools.org/administration/pangangasiwa/official-notices/mga-opisyal-na-abiso/meningitis-and-hpv-notice) (Abiso sa Meningitis at HPV)

## Sekswal na Harassment

Ang distritong ito ay nakatuon sa isang positibo at produktibong edukasyon na walang diskriminasyon, kabilang ang panliligalig sa sekswal. Ang pangako na ito ay umaabot sa lahat ng mga mag-aaral na kasangkot sa akademiko, pang-edukasyon, ekstrakurikular, matipuno, at iba pang mga programa o aktibidad sa paaralan, maging ang programang iyon o aktibidad na nagaganap sa isang pasilidad sa paaralan, sa transportasyon sa paaralan, o sa isang silid aralan. O pagsasanay sa paaralan na nagaganap sa ibang lugar.

Ang sekswal na panliligalig ay nangangahulugang hindi ginustong pag-uugali o komunikasyon ng isang likas na sekswal. Ang pang-aabusong sekswal ay maaaring mangyari sa nasa hustong gulang sa mag-aaral, mag-aaral sa mag-aaral, o maaari itong isagawa ng isang pangkat ng mga mag-aaral o matatanda at susisiyasat ng distrito kahit na ang sinasabing manliligalig ay hindi miyembro ng tauhan ng paaralan o ng katawan ng mag-aaral. Ipinagbabawal ng distrito ang panliligalig na sekswal sa mga mag-aaral ng iba pang mga mag-aaral, empleyado, o mga third party na kasangkot sa mga aktibidad ng distrito ng paaralan.

### Ang term na "sekswal na harrasment" ay maaaring may kasamang:

- ▶ Mga gawa ng karahasang sekswal;
- ▶ Hindi tinatanggap na pag-uugali o pakikipag-ugnay na nakadirekta sa sekswal o kasarian na nakagagambala sa pagganap ng pang-edukasyon ng isang indibidwal o lumilikha ng isang nakaka-intimidate, galit, o nakakapanakit na kapaligiran;
- ▶ Hindi tinatanggap na mga pagsulong sa sekswal;
- ▶ Hindi tinatanggap na mga kahilingan para sa mga sekswal na pabor;
- ▶ Mga kahilingan sa sekswal kung ang pagsumite ay isang nakasaad o ipinahiwatig na kundisyon ng pagkuha ng isang benepisyo sa edukasyon;
- ▶ Mga kahilingan sa sekswal kung saan ang pagsumite o pagtanggap ay isang kadahilanan sa isang pang-akademiko, o iba pang desisyon na nauugnay sa paaralan na nakakaapekto sa isang indibidwal.

### Paano ako mag-ulat ng panliligalig sa sekswal?

Maaari kang mag-ulat ng panliligalig sa sekswal sa sinumang kasapi ng kawani ng paaralan o sa Pamagat ng IX / Coordinator ng Pagsunod sa Mga Karapatang Sibil ng distrito, si Jeanne Beckon, sa 360-662-1680.

Para sa isang kopya ng mga patakaran at pamamaraan ng panliligalig na pang-aabuso ng aming distrito, makipag-ugnay sa tanggapan ng iyong paaralan o suriin online sa: CKschools.org > Administration (Pangangasiwa) > [Policies and Procedures](#) (Mga Patakaran at Pamamaraan) (Tingnan ang 3205 / 3205P, 3210 / 3210P at 5011 / 5011P).

## Mga reklamo tungkol sa diskriminasyon, panliligalig na diskriminasyon at panliligalig sa sekswal

### Ano ang diskriminasyon?

Ang diskriminasyon ay hindi makatarungan o iligal na paggamot ng isang tao o pangkat sapagkat bahagi sila ng isang tinukoy na pangkat, na kilala bilang isang protektadong klase. Maaaring kabilang sa diskriminasyon ang pagtrato sa isang tao nang iba o pagtanggap sa kanilang pag-access sa isang programa, serbisyo o aktibidad dahil bahagi sila ng isang protektadong klase, o hindi pagtanggap sa kapansanan ng isang tao.

### Ano ang isang protektadong klase?

Ang isang protektadong klase ay isang pangkat ng mga tao na nagbabahagi ng mga karaniwang katangian at protektado mula sa diskriminasyon at panliligalig ng mga pederal, estado, o lokal na batas. Ang mga protektadong klase sa ilalim ng batas ng estado ng Washington ay may kasamang lahi, relihiyon, kredito, kulay, pambansang pinagmulan, edad, kagalang-galang na pinalabas na katayuan ng beteterano o militar, kasarian, oryentasyong sekswal, ekspresyon ng kasarian o pagkakakilanlan, katayuan sa pag-aasawa, ang pagkakaroon ng anumang pandama, kaisipan o pisikal. kapansanan, o ang paggamit ng isang bihasang gabay sa aso o hayop ng serbisyo ng isang taong may kapansanan.

### Paano ako maghahain ng reklamo sa diskriminasyon?

Kung naniniwala kang nakaranas ka o ang iyong anak ng labag sa batas na diskriminasyon o diskriminasyon sa diskriminasyon sa paaralan batay sa anumang protektadong klase, may karapatan kang maghain ng pormal na reklamo.

Para sa isang kumpletong kopya ng pamamaraan ng hindi diskriminasyon ng distrito ng paaralan at ang mga hakbang na maaari mong gawin upang maghain ng isang reklamo, bisitahin ang [CKschools.org > Administration \(Pangangasiwa\) > Policies and Procedures](#) (Mga Patakaran at Pamamaraan) (Tingnan ang 3210P) o humiling ng isang hard copy mula sa tanggapan ng iyong paaralan. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga pamamaraan, mangyaring makipag-ugnay sa Koordinator ng Pagsunod sa Mga Karapatang Sibil / Pamagat IX na nakalista sa ibaba.

Bago maghain ng isang reklamo, maaaring gusto mong talakayin ang iyong mga alalahanin sa punong-guro ng iyong anak o sa Seksyon 504 Coordinator ng distrito ng paaralan o Pamagat IX / Coordinator ng Mga Karapatang Sibil. Ito ang madalas na pinakamabilis na paraan upang malutas ang iyong mga alalahanin.

### Distrito ng karapatan sibil/ pamagat ng IX na tagapamahala ng pagsunod sa IX

Jeanne Beckon, Assistant Superintendent sa Human Resources,  
360-662-1680

### Seksyon 504 Coordinator

Julie McKean, Executive Director ng espesyal na mga serbisyo  
360-662-1066.